KAHILINGAN PARA SA PAGDINIG NG ESTADO

ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGDINIG:
May karapatan kang humiling ng pagdinig ng estado kung hindi ka nasisiyahan sa paglutas ng lokal na ahensya ng suporta sa bata sa iyong reklamo, o kung hindi tumugon sa iyo ang lokal na ahensya ng suporta sa bata o nalutas ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw mula noong ginawa mo ang iyong reklamo. Mayroon ka lamang 90 araw para humiling ng pagdinig ng estado. Magsisimula ang 90 araw pagkatapos mong matanggap ang nakasulat na resolusyon ng lokal na ahensya ng suporta sa bata sa iyong reklamo. Kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay hindi tumugon nang nakasulat sa iyong reklamo, ang 90 araw ay magsisimula sa araw na ginawa mo ang iyong reklamo.

PARA HUMINGI NG ISANG PAGDINIG NG ESTADO:

- Punan ang form na ito.
- Magtago ng kopya ng form na ito para sa iyong mga talaan.
- Ipadala ang form na ito sa:

Department of Child Support Services
Office of Legal Services
State Hearings
P.O. Box 419087
Rancho Cordova, CA 95741-9087

O

Tumawag nang walang bayad: 1-866-289-4714
Fax: 916-464-5069
Mag-email sa: StateHearings@dcss.ca.gov

IMPORMASYON SA KAHILINGAN SA PAGDINIG:

PANGALAN NG NAGREREKLAMO (Apelyido) (Una) (MI)			NUMERO NG TELEPONO
ADDRESS SA PAPADALHAN NG KOREO			NUMERO NG FAX
LUNGSOD	COUNTY	ESTADO	ZIP CODE
E-MAIL ADDRESS		PETSA NG KAPANGANAKAN	NUMERO NG SOCIAL SECURITY

Tandaan: Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Bata ay hindi magtatakda ng Pagdinig ng Estado maliban kung dumaan ka muna sa proseso ng paglutas ng reklamo sa lokal na ahensya ng suporta sa bata at ito ay hindi bababa sa 30 araw mula nang ihain mo ang iyong reklamo.

Pakisagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Dumaan ka na ba sa proseso ng pagresolba ng reklamo? ☐ Oo ☐ Hindi
   Kung hindi, dapat mong kumpletuhin ang proseso ng paglutas ng reklamo bago ka makahiling ng pagdinig ng estado.
2. Mahigit 30 araw na ba mula noong humiling ka ng resolusyon ng reklamo? ☐ Oo ☐ Hindi
3. Nakatanggap ka ba ng abiso ng resolusyon (Form LCR 006) mula sa lokal na ahensya ng suporta sa bata? ☐ Oo ☐ Hindi
4. Laban sa saang county ang iyong reklamo? _____
5. Saang county mo gustong isagawa ang iyong pagdinig? _____

Gusto ko ng pagdinig ng estado dahil: ***(Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, maaari kang magpatuloy sa isa pang pahina at ilakip ito sa form na ito.)***

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

IPINAGPATULOY SA LIKOD

☐ Kailangang kong bigyan ako ng Estado ng tagapagsalin nang walang bayad sa akin. (Ang isang kamag-anak o kaibigan ay hindi maaaring maging tagasalin para sa iyo sa pandinig). Ang aking wika o diyalekto ay: _____

☐ Mayroon akong kapansanan at kailangan kong bigyan ako ng Estado ng sumusunod na makatwirang akomodasyon upang makilahok sa aking pagdinig: _____

☐ Gusto kong kumatawan sa akin ang taong pinangalanan sa ibaba sa pagdinig na ito. Ibinibigay ko ang aking pahintulot para sa taong ito na magkaroon ng access sa aking mga talaan o dumalo sa pagdinig para sa akin. (Maaaring kaibigan o kamag-anak ang taong ito ngunit hindi maaring tagasalin para sa iyo).

PANGALAN	**NUMERO NG TELEPONO**

ADDRESS NG KALYE

LUNGSOD	**ESTADO**	**ZIP CODE**

PIRMA NG NAGREREKLAMO	**PETSA**

KARAPATAN SA ISANG PAGDINIG NG ESTADO:

- Kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay hindi tumugon sa iyo sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng iyong reklamo, may karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa harap ng isang Hukom ng Administrative Law. ***MAHALAGA: Ang iyong kahilingan para sa isang Pagdinig ng estado ay dapat gawin sa loob ng 90 araw pagkatapos mong magreklamo sa lokal na ahensya ng suporta sa bata.***
- Kung tumugon sa iyo ang lokal na ahensiya ng suporta sa bata sa loob ng 30 araw pagkatapos gawin ang iyong reklamo, at hindi ka nasisiyahan sa resolusyon o tugon ng reklamo ng lokal na ahensya ng suporta sa bata, may karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa harap ng Hukom ng Administrative Law. ***MAHALAGA: Ang iyong kahilingan para sa Pagdinig ng Estado ay dapat gawin sa loob ng 90 araw pagkatapos mong matanggap ang nakasulat na tugon ng lokal na ahensya ng suporta sa bata sa iyong reklamo.***
- Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang pagsulat sa pamamagitan ng pagpapadala ng form na Request for State Hearing (SH001) sa Department of Child Support Services, o maaari mong tawagan ang Department of Child Support Services nang libre sa 1-866-289-4714.
- Ipapaalam sa iyo ng Department of Child Support Services ang petsa, oras, at lugar ng iyong Pagdinig ng Estado.
- Ang Department of Child Support Services ay magbibigay ng isang tagapagsalin o akomodasyon para sa kapansanan para sa iyo sa pagdinig kung kailangan mo ng isa.
- ***MAHALAGA: Hindi lahat ng reklamo ay maririnig sa isang Pagdinig ng Estado.***

Ang mga Pagdinig ng Estado ay ipagkakaloob lamang para sa mga sumusunod na isyu:

- Ang isang aplikasyon para sa suporta sa bata ay tinanggihan o hindi naaksyunan sa loob ng kinakailangang oras.
- Ang kaso ng mga serbisyo sa suporta sa bata ay inaksyunan bilang paglabag sa batas o regulasyon ng pederal o estado, o liham ng patakaran ng Department of Child Support Services ng California, kabilang ang mga serbisyo para sa pagtatatag, pagbabago, at pagpapatupad ng mga order ng suporta sa bata at accounting ng suporta sa bata.
- Ang mga koleksyon ng suporta sa bata ay hindi naipamahagi, o naipamahagi o naibigay nang hindi tama, o ang halaga ng mga utang sa suporta sa bata, ayon sa pagkalkula ng lokal na ahensya ng suporta sa bata ay hindi tumpak.
- Ang desisyon ng lokal na ahensya ng suporta sa bata na isara ang isang kaso ng suporta sa bata.

MAHALAGA: Ang mga sumusunod na isyu ay hindi maaaring marinig sa isang Pagdinig ng Estado:

- Mga isyu sa suporta sa bata na dapat tugunan sa pamamagitan ng mosyon, utos na magpakita ng dahilan, o apela sa korte.
- Isang pagrepaso sa anumang utos ng hukuman para sa suporta sa bata o atraso sa suporta sa bata.
- Isang utos ng hukuman o katumbas na pagpapasiya ng pagiging ama.
- Isang utos ng hukuman para sa suporta ng asawa.
- Mga pagpapasiya sa pangangalaga ng bata.
- Mga pagpapasiya sa pagbisita sa bata.
- Mga reklamo ng di-umano'y hindi magandang pagtrato ng isang lokal na empleyado ng ahensya ng suporta sa bata, maliban kung ang naturang pag-uugali ay nagresulta sa isang maririnig na aksyon o hindi pagkilos.

MGA SERBISYO NG OMBUDSPERSON:

- Ang bawat lokal na ahensya ng suporta sa bata ay may isang Ombudsperson na magagamit upang tulungan ka sa pamamagitan ng paglutas ng reklamo at/o proseso ng Pagdinig ng Estado.
- Matutulungan ka ng Ombudsperson na makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong reklamo upang matulungan kang maghanda para sa iyong Pagdinig ng Estado.
- ***MAHALAGA: Ang Ombudsperson ay hindi maaaring kumatawan sa iyo sa Pagdinig ng Estado o magbigay sa iyo ng legal na payo.***